Si Atanasio, iyang Átanasióng laging "de lana" at... ay may nakapagbalità sa aking sangdaan daw ang sueldo. (Aywan ko kung isang Daang Juan Luna) Ang Átanasióng iyan ay sumapì daw sa isang Samahang liwaliwan at sapagka't may karapatang magsapì ng dalawang binibini'y isinapì ang dalawa niyang kakilala. Pagdating sa singilan n̄g ambag upang gugulin sa isang lamayan ay nagpahirntay n̄g nagpahintay at pagkatapos, noong pinipít na siyang magbadyad ay sinagot na dî raw siya makadadaló sa pagka't magbabakasyon. Hindí ko mámalaman kung nagbakasyon n̄g at dî ko rin masabi kung dumaló ang binibining kanyang isinapì; n̄gunit ang masasabi ko lamang ay náuloy rin n̄g kakanit-akit ang lamayang yaon.

Si Bartolo naman ay bihis na bihis na dumalaw sa pinagpipitan ngiyang dalaga. Sa kasa-maáng palad ay nápataon sa pag-aanyaya n̄g ibang binatâ upang panuúrin ang políkulang "La Dama de las Camelias" sa Cine I.... Sapagka't niyayà ng pabalát-bunga'y minagaling na sumama. Sa daan pa lamang ay lagging nakaagupay siya sa kanyang pinakamimithing "Celia". N̄g malapit na sa Cine'y nagpahuling didighálighal at... kunwari'y nakipag agawan sa pagkuha ng tiket. Anopât nangyari na ang dapat mangyari-sasalamat at nápapasok din.

Sa isang libing sa Puang Bundok ay nakita ni Candido ang dalawang binibining "nurse".

M. Salvador

22 Pasage de Paz, Escolta.

TEL. 3253

Se Reciben toda clase de Trabajos de Pintura como Caratulas de Cristal y Bronce.

Decoración de Edificios Retratos

Letras de Madera y Azogue de Cristal Etc.

Precios razonables.

EL TOPACIO

PLATERIA AT RELOGERIA

NI
EMILIO ANICETA

No. 904 Ongpin.

Sapagka't "galante" rin naman itong si Candido kung sa babae rin lamang: kaya't sinabayan hanggang malapit na sa trambia. N̄g Lalakad na ito'y nagmadaling nagpaalam at sinabing "mag-kakaronata yata' kayo,ako'y nagmamadali kaya't dito na ako sasakay"... at iniwan ang dalawa.

Alberto: Nais ko mang ipagpatuloy hanggang Z ay minagaling kong hanggang C na lamang. Ngayon, ikaw naman ang tatanungin ko éano bang kahulugan ng "ampaw buô laman?"—Trining.

POSTAL NI ALBERTO KAY TRINING

Nob. 15, 1915.

Trining: Hindí lamang pinasakit mo ang aking tiyan sa pagtawa kungdî pinapag-aláp-áp mo pa ang aking loob dahil sa bakâ mo rin i gâ isundô hanggang Z, ay matagalang bago sapitin ang tungkol sa pag-ibig. Marahil ay talos mo na naman ang aking pag-giliw at pagka-uhaw tungkol dito.

Tootoo ka palang matalas sa' mḡ binatâ. Si Atanasióng mais yata'y imaging "colado" sa lamayan, si Bartolong malakas ang loob na sumama'y wala yataang kwarta at si Candidong nagmamadaling sumakay sa trambia at iniwan ang dalawang "princesang" kapitapitan, dahil dî yata sa "kakuriputan" ay tinay na m̄ga bulhây at madalas din akong nakakatagpô. Kung ang lamayang iya'y naging pagkain man lamang, kailangâng takluban upang dî sabuhin n̄g langaw na dî naman kinakaon.

Hindí ko ito hababaán sa pagaalaalang bakâ kung saan na naman masuot ang ating pagsusulatan. —Alberto.

POSTAL NI TRINING KAY ALBERTO.

Nob. 18, 1915.

Alberto: Mabuti rin naman at náhalalatâ mo rin ang m̄ga masasagwang pagbigkas' n̄g ilang binatâ. Kayâ naman kami'y dapat magpakaingat sa pagpili na kung maanâ lamang ay lalong sadyain ang pagmamaramot. Hindí ko inaalis, Alberto.

Ngayo'y panahon nang 'Sakit ng Ngipin' Kung habanap kayo ng DENTISTA ay tunguhin ninyo si

Dr. A. Vergel de Dios

447 EVANGELISTA

at walang sakít na gumamot 6 bumunot.



MGAL. MARIANO LIM

Haligi ng Lapiang "Demócrata Nacional" at kandidato sa pagse-Senador sa ika 3 pook (Tarlac, Nueva Ecija, Kapangpangan at Bulakan).

ang laging pagaantay mo ng sagot, sapagka't talos kong sadyang mahirap ang magtiis subali't hindi ka kayâ namamali ng pagpili sa akin mag-isip ka,

Alberto: "Ibinabalitâ ko sa Iyong si Nati ay tanang sumama kay Pepe. Ipinasasabi tuloy na makukuha mo na raw ang mga liham mong "talunan".

Bago ko ipinid ito'y itinatanong ko kung bakit mo ná aliyawan ng "princesa" ang dalawang binibining iniwan ni Candido.—Trining.

(Durugtungan).

Mga paghahaka tungkol sa Pilipinas

(*Tinipon ni Martin P. de Veyra*)

Anâng Senador Casham K. Davis, (ng Minnesota), dating kinatawang amerikano sa Paris tungkol sa kayapaan: "Pag-aasaan ko ang mga

Gregorio Yu-Chuco y Herederos

ALMACEN DE TEJIDOS Y
MATERIALES PARA ZAFATERIA Y CHINELERIA

Calle San Vicente Nos. 219 y 221
MANILA & ILOILO

ASTRERIA NAVEA

641-643 Ave. Rizal.

Tumatabas ng ayon sa moda, sa madaliang panahon at sa ibigin ng nagpapagawâ.

INYONG PAGSADYAIN.

pilipino ng gaya ng paglingap ng mga magulang saan ma't mangyayari, at parayusahan ko sila ng pagpaparusa ng isang magulang saan ma't kailangan... Hanggang sa panahong magpakilala ang mga pilipino ng kakayahan sa pamamahalâ ng sarili ay kailangang hawakan namin ang sangkapuluang Pilipinas ng di lamang sa ilalim ng aming lingap kungdi sa ilalim man ng aming pamumundô alang-alang sa ikagagaling, ikaunlak at ikatitiwasay ng bayang amerikano.

Anâng Senador Frye ng Maine (kinatawan sa Paris tungkol sa kapayayaan) "... Anong dapat naming gawin sa Pilipinas? Sa sarili kong hakâ ay walang anomang umaalinggawngaw na sagot ng aming bayan. Ang kapuluang iyan ay kinuha namin ng boong bait, at sa pagkuha sa mga iyan ay pinagmangandahang loob namin ang Espanya. Hahawakan namin ang Kapuluang iyan na parang aming sarili, sa ikagagaling ng mga taong nanâganahan doon at sa di kawasang kapakinabangan sa kalakal na maaasahan namin sa kanila.

Anâng Secretario de Guerra Alger: "Ang watawat ng bansang ito ay náwagayway sa Kuba, Puerto Rico at Pilipinas, sa mga lupain na ang mga tao ay daandaang taóng pinighati ng lisyang pamumundô ng Espanya. Sa anoman, ay maaasanhan natin na sa pagkataas sa Puerto Rico at Pilipinas ay mananatili roon. Isa sa mga kapuluang ito ay nalalagak sa ating kapangyarihan; ang iba'y atin.

Anâng Senador Mason: "Ikinatutwâ ko ang pagkabasa ng mga bahagi ng talumpati ng Pangulo (ni McKinley sa Boston) na laban sa imperialismo. Ang pahayag na ito ng Pangulo ay ikinagiginghawa ko.

Aní Mr. Long na Kalihim ng hukbong-dagat: "Sa ganâng akin ay hindi maiiwan karakaraka ng ating pámahalaan ang sangkapuluang ýaon, na kung magkakagayon ay maiiwan sa kagulu-

"ANG BATONG BUSILAK"

MARMOLERIA
Sociedad de Obreros Filipinos

Se reciben toda clase de trabajos en Mármol como Lápidas, Monumentos, Mausoleos, Pila Bendita y Limpiezas, Esculturas, Bustos de Rizal en Bronce, Cemento y Madera.

Mariano del Mundo, Gerente.
408 Padre Gomez, Sta. Cruz. Maynila, I. F.

ban ang kanilang mga pag-aari at mga bagay. (Boston, May 11-99).

Aní N. B. Smithwall: «Bakit di lutasin ug Pangulo ang digmà sa sangkapuluang Pilipinas na ipangakò sa bayang Pilipino na kikilalanin ang kanilang pagsasarili karakarakang mapayapà ang sangkapuluhan at pagkakalooban ng pámahalaang pilipino na gaya sa Kuba? Ganito ang wagas na pangungugaling amerikano at lalong mabuti kaysa sakupin at pasukuin sa pamamagitan ng digmà ang matatapang at may kakayahang mga tagaeroon, na gumawi ng kanilang pagsasarili sa pakikipaglaban sa bagsik ng Espanya. Ang sangkapuluang Pilipinas ay nauukol sa bayang pilipino. Kinatasabikan nila ang pagsasarili ng kanilang lupang kinamulatan. »Aling matapang na bayan ang di nagnanais niyan? At ito bang damdaming wagas at makabayani ay ipalalagay ng mga amerikano na isang sala, danggang sila man ay "nangaghimagsik" laban sa kabagisan ng mga taga Britanya at pinilit na magawi ang kanilang pagsasarili, gayon mang may pangakò ang nanagpupunò sa kanila noon? (Sinasabi ko ngang hindi (Minneapolis Tribune Apr. 30. 99.)

"JUAN BAHAG"

Maikling Kwento

Sipi ni Vicente Bautista sa kabuhayan ng mga Juan.

(Karugtong)

Ng malaman ug Hari ang kahilingan ng Emperador ay nagdalang takot at nag-alapaap ang kanyang loob, palibhasa'y maliit ang kanyang kaharian; kaya't noon din ay nangakò siya sa nasabing Emperador sa pamamagitan ng isang sulat, na sa loob ng dalawang araw ay dadalhin niya ang kanyang anak na Prinsesa.

Minagaling ng Hari ang ipagtapat sa kanyang manugang na si Juan ang lahat ng nasà ng Emperador, sangpu ng mahigpit na bantà sa kanyang Kaharian, sakali't di siya makatupad sa kahilingan ng nasabing Emperador, kaya't noon din ay naparoon siya sa bahay ng mag-asawa at lihim niyang ipinagtapat kay Juan ang lahat ng sa kanya'y ipinasabi ng matapang na Emperador.

Si Juan naman sa malaking binayang na mawalan ng kaharian ang kanyang byenan, at sapagka't inakalà niya na hindi niya máipagtanggol ang nasabing kaharian kung magkaroon

Vicente A. Diaz

DENTISTA

24 Escolta. Sa itaas.

Teléfono 4969.

Gumagamit ng mga kasangkapang
ayon sa bagong panahon.

Catalina David de Fernandez

COMPRA Y VENTA

Alahas de Brillantes, Perlas, Rubis y otras
Biedras Preciosas y Recibe Obras de
Platerias.

Teléfono 4613

No. 1349 Ave. Rizal.

ng digmaan, ay pumayag nang papareonin ang kanyang asawa sa bahay ng Emperador, datapwa't ipinamanhik lamang sa kanyang byenan, na kakausapin muna og lihim ang kawayang asawa bago ipagsama, upang aniya'y magkaalam kami, kung ano ang marapat naming gawin ng maiwasan ang kápaitungtang nasà ng Emperador sa pinakamahal kong asawa.

Pamayag naman ang Hari, kaya't noon din ay pumasok si Juan sa silih na kinaroroongan ng Prinsesa, at kanyang kinausap ng marahan.

«Sinta ko!—ang matamis niyang batì—ang amo ay naririto at ikaw ang nasang ipagsama.

—At bakit?—ang pagulat na tanong ng Prinsesa—at ikaw, hindi isinasama, ba?

—Hindi, at ikaw raw lamang ang kailangang isama, sapagka't nagpantos daw ang Emperador na hwag raw na hindi ka ihatid sa kanyang harapan at ibig ka niyang maging asawa.

—Magiging asawa' naman aginip yata ang Emperador na yaon; hindi ba niya nalalaman na ako'y may asawa?

—Marahil ay hindi, at sino ba ang iyong asawa ha?—ang pabirong tanong ni Juan.

—Isa ka pa, at sino pa, kung hindi ikaw, ayaw ka na yata sa akin ay di mu pa sabiin ng tapat, at pati pa ng Emperador ay sa-sangkalabin mo, pse.

Matapos máitungon ito ng Priasesa, kay Juan, ay biglang nípasandal sa silyang kinauupan at nawalan ng pagkatao, marahil ay inakalà niya, na naninibughò si Juan, palibhasa'y sapol ng sili'y mákasal ay hindi niya naringgan na nangusap si Juan ng gaya ng kanyang mga darinig ngayon.

Makita ni Juan na ang Prinsesa ay nípasandal sa silya, ay di niya kinibò, at ipinalsgay niya, na marahil ay nagaantok pa, kaya't ang ginawà niya ay sumandal naman sa silyang kinauupan, sapagka't ayaw siyang masirà ang tulog ng kawayang asawa. Dahil dito ay minagaling niya na antayin nang magising, saká nila ipagpatuloy ang salitaan.

"MODERADO ORIENTE"

PATAHIANG PILIPINO

238 Dasmariñas, Binondo

Yumayari ng lahat ng kasuutan ukol sa mga lalaki ayon sa huling moda at sa kagustuhan ng nagpapagawa.

*Norberto Tuason,
Tagapemahala at mananabas.*



G. MIGUEL RAMIREZ.

Bachiller en Artes. Naging Teniente at "Ayudante de Campo" ni General Ambrosio Flores noong panahon ng himagsikan. Naging Reporter ng "Diario de Manila"; naging manunulat sa pahayagang "La Luz" at naging katalong ng ibang mga pahayagan dito. Naging Taquigrafo at mecanografo.

Kasalukuyang kasapi sa "Asociacion de los Veteranos de la Revolucion" at sa "Comite de Junction de la Asociacion Internacional de Taquigrafia y mecanografia de Paris".

May katha ng isang aklat ng Taquigrafia Castellana at fotografo.

Samantalang ang kanyang byenan, ay inip na inip na ng pagaantay sa Tanggapán ng malaking Bahay na yaon, ay siya nama'y panatag na panatag sa pagkakasandal sa silya. Pamaya-maya'y kinuha ang kanyang kuako, at sakâ nag-sindí, at habang siya'y humihitit ay tingin ng tingin sa Prinsesa kung gisíng na.

Sa pagtingin niyang ito ay isang "ay Juan, hindî ko akalaing ikaw ay magkaganyan" ang namutawi sa bibig ng Prinsesa.

—Abá, at nananaginip pa ang aking asawa—ang náwika ni Juan sa sarili na hindî tumiti-nag sa pagkakaupo.

—“Ay Juan mamamatay ako” ang namutawi na naman sa bibig ng Prinsesa.

—Talagang nahimbing ang tulog, at kung ano-

Sa pagpaparetrato ay dapat ka pong pumili ng mabuting mag-ayos at niyaong lumalarawan ng makinis kaya't kung pakukuha kayo ng retrato ay tunguhin ninyo ang

BOREAL STUDIO

477 JUAN LUNA

at bukod sa tatanggapin kayó ng boong lugod ay masisiyahan pa kayó sa gawâ rito.

CRISPULO ZAMORA

Platero at Grabador.
351 San Sebastian Maynila, Tel. 3265

Gumagawa ng magagandang korona para sa mga reina, ng mga medalla, botones, insignias, copas na pang ganting pala, pang gayak sa simbahan, mga larawan, caliz, baston, hiyas, karatulang tanso, mga chapa, ibp. Mabuting yumari at mura lalo na sa kapwa pilipino.

ano ang pinagsasabé; masamâ namang siya'y aking gisingín, sapagka't masisirà ang kanyang pagtulog—ang náwika na naman sa sarili ni Juan.

Patuloy rin si Juan sa kanyang pagkakasan-dal at inarî niyang ang mga namulas sa bibig ng Prinsesa ay pawang pangarap lamang, subali't ang ikalawa palang namulas sa bibig ng mahal na Prinsesa, ay nápakinggan ng Hari, na inip na inip na ng paghihintay sa paglabas ng dalawang mag-asawa, at sapagka't inakalà ng Hari na bakâ nagkakagalit ang dalawa, ay lumapit siya ng dahandahan sa silid na kinaroroouan ng magasawa at nakinig siya kung ano ang pinaguusapan, at ng walâ siyang marinig ay ninásâ niya na pumasok na biglâ sa silid, at ng mahuli niya kung nagkakagalit ngâ, nguni't ng akmâ siyang papasok, ay biglâ siyang natigilan at náisip niya na bakâ siya máwikaan ng kanyang manugang, kaya't minagaling niya ang kumatog muna sa pintò.

Tatlong "tok", "tok", "tok", ang sa pamagitan ng kanyang hawak na baston ay ipinukpok sa pintò.

Nagulat si Juan sa gayong narinig at patak-bong lumapit sa pintuan at tiningnan kung sino ang kumatog.

—Ano Juan—ang salubong ng Hari—sinabi mu na ba sa iyong asawa ang aking sadyâ, ha?

—Opò, nguni't hindi pa pô kami nagkakata-pos, sapagka't sinumpong pu siya ng antok ng kasalukuyang kami ay nag-uusap, at ang nákkatawa po'y nagsasalitâ kahi't natutulog.

—Siyengâ ba?—eh ano, tulog pa ba hanggang ngayon?

Opò, at ng makita ninyo, ay pumasok kayo, at nákatutwâ pô ang lagay, nápakahimbing pô ang tulog at walâ pong katinagtinag sa pagkakasandal.

Pumasok naman ang Hari na kaagapay si Juan, at lumapit sila kapwâ sa tabí ng Prinsesa. Pinagmasdang magaling ng Hari ang mukhâ ng Prinsesa, upang matalastas niya kung natutulog ngâ, nguni't sa tingin niya ay waring himhi-

PASANLAAN

NI

FAUSTO O. RAYMUNDO.

Daang Ilaya blg. 641-645 pagliko sa Acciteros
San Nicolas Maynila.

MATAAS humalagâ sa isasanlâ, MABABA ang patubô, MADALING pagsanlaan at gayon din kung tubusán.

Nagbibilí ng mäga hiyas na BRILLANTE, PEÑAS,
GINTO at PILAK sa halagang lalong mura.

matay, sapagka't ibang iba ang paghiingá kaysa dati, at ang isa pa'y palibhasa'y anák niya, ay alam na alam niya ang paghihiliik nito kung natutulog; hinipò nágá níya ang mágá kamáy, at nág mápuna niyang nanglalamig, ay kanyang ginising, níguni't hindí rin tumitinag, inugá niya ang ulo, hindí rin magising, kaya't noon din ay pasigaw siyang nag-utos kay Juan na 'aniya'y "kumuha kang madalí ng eter" "at hinihimatay ang iyong ásawa, bakit ang sabi mo'y mahimbing ang tulog, ha?".

--Ay, iyon pô ang aking pagkaalam eh, sino pu bang may gustong himatayin iyan.

—Hala hwag ka nang magsasagot at baka ito'y hindí na matauhan, hala suleng, sulong, kumwha ka agad ng "eter".

Si Juan naman ay hindí na sumagot at patak-bong kumuha ng "eter", sapagka't nag-aalala rin siyang bakâ nágá hinimatay ang kanyang ásawa, dahil sa kanyang pagbibiró kanina, at ng siya'y makakuha na, ay dalidaling iniabot sa kanyang byenan.

Ipinaamoy agad ng Hari ang "eter" at nág makalipas ang ilang sangdali ay matauhan na ang Prinsesa.

(*Itutuloy.*)

Santanà, Maynilà ika 9 nág Sept. nág 1916.

ANG BILL JONES

(*Karugtong*)

Ika 4 na batas. Na lahat nág gugol na mang-yayari sa kapakanán ng Pámahalaan ng Pilipinas hinggil sa mágá sahod ng mágá pinunò at sa pagtataguyod nág kanyang mágá káwanihan at kagawaran, na gaya rin nág lahat nág gugol at pagbabayaram utang na nágawá sa pagpapabuti ó pag-papaunlad nág loob nág sangkapuluán, liban nágá lamang ang mágá kutá, himpilan at iba pang pagawá nág Estados Unidos ay babayaran nág Pámahalaan ng Pilipinas, maliban doon sa hindí itadhaná nág Kongreso.

Ika 5 batas. Na ang mágá kautusan na paitiralin nág Estados Unidos mulâ nágayon ay hindí makasasaklaw sa sangkapuluang Pilipinas, mali-bang siyang talagang ipasiya ó kaya'y itadhaná sa kautusang ito.

Ika 6 batas. Na ang mágá kautusang kasalukuyang umiiral sa Pilipinas ay magpapatuloy nág pag-iral at magtataglay ng gayon ding bisá, liban na lamang doon sa iniba, binago ó pinawalang halaga nág Lehislatura Pilipina (ó kapang-

Cine-Empire

Palibhasa't dito inieestreno ang mágá ban-tog na Pelíkula ng "Universal Film Co. Exch" ay siyang pinaka mainam na Cine. Inyo nágang pagsadyain at mapagkikita ang katotohanan.

LIBRERIA Y PAPELERIA

DE
P. S. Viuda de Soriano

Rosario 225 y Plaza del Conde No. 1008, Binondo

Nagbibili nág mga aklat sa tagalog, kastilà at ingglés; nág mga kwaderno, pluma, lapis, tinta, papel at ibp.

Boong giliw na tinatanggap ang labat.

yarihang tagapaglagdá nág kautusan) na pinapagtítibay sa kasalukuyan ó sa kautusang ipinasiya ng Kongreso nág Estados Unidos.

Ika 7 batas. Na ang kapangyarihang tagapaglagdá nág kautusan na nililikâ sa kasalukuyan ay magtaglay nág karapatang magsusog, umibá, bumago ó magpawalang bisá nág alín mang kautusang sibil ó kriminal sa pamamagitan nág pagpasiya nág kautusang ito, pag inaaikalang marapat, sa panapanahan, hwag lamang mákakasuwang nitong sa kasalukuyan.

Ang kapangyarihang ito ay makasasaklaw alinsunod sa mágá takdang nátatadhaná (sa kautusang ito) hinggil sa mágá arransel, sa lahat nág kautusang may kinalaman sa mágá rentas (ó bwis) at mágá pamimilak na umiiral sa Pilipinas.

Ika 8 batas. Na ang lahat nág kapangyarihang ukol sa paglalagdá nág kautusan, libau sa mangá-papalabag sa nilalamán nito, ay ipinamamahalà sa Lehislatura Pilipina na linikhâ ng kapangyarihang ito.

Ika 9 na batas. Na ang lahat nág mga pag-aari at karapatang nakamtan sa Kapuluang Pilipinas nág Estados Unidos sa bisá nág kásunduan sa pakikipamayapá sa Espanya, na linagdaan noong ika 10 nág Disyembre nág 1898, matangi iyang mágá lupá ó ibang pag-aaring itinakdá ó itakdá nág Pangulo nág Estados Unidos, upang gamitin nág hukbo ng pámahalaan nág Estados Unidos, at ang lahat nág lupang maaaring angkinin pag-katapos nág pámahalaan nág Kapuluang Pilipinas, sa pamamagitan nág pagbili, ayon sa ipinasiya nág mga batas na 63 at 64 ng Kautusan nág Kongreso na pinagtibay nág unang araw ng Hulyo nág 1902, matangi lamang yaong mágá lupá at pag-aaring náipagbili at kinuha alinsunod sa pasiya nág násabing kautusan nág Kongreso, ay ilinilipat sa kapangyarihang esnáp nág pámahalaan nág násabing Kapuluán upang mapangasiwaan ó pagpasiyahan sa kapakibabang nág kanyang mágá mánamayan, at ang Lehislatura Pilipina ay magkakaroon nág kapangyarihang makapaglagdá

Ibig ba ninyong magkaroon ng mágá malinam na kasuutan ayon sa bagong panahon? Kung gayon, magsadya kayo sa pafahian ni

Isaias Alvaran

606 Azcarraga, Tondo.

MANILA.

ng kautusan ukol sa bagay na iyan, aliinsunod sa kanyang marapatin; ngunit ang mga kautusan ng Lehiatura Pilipina na nauukol sa mga lupain ng bayan, kakahayan, at sa mina na itatkdâ sa bisâ ng kautusang ito ay hindi magkakaroon ng bisâ hanggang hindi napagtibay ng Pangulo ng Estados Unidos. Dapat una-wain na sa minsang napasiyahan ng Gobernador General ang mga kautusang gaya nito ay agad ipatatalastas niya sa Pangulo ng Estados Unidos, at sa loob ng anim na bwan, mulâ sa kaarawan ng pagkapasiya at pagkatalastas ay ipasisiya naman nito ang kanyang pagpapatibay ó hindi (sa mga kautusang iyan), at sakaling lumagpas ang taning na panahon at hindi igawad ng Pangulo ang kanyang kapasiyahan ay magkakabisâ ang kautusang iyan. At dapat una-wain pa rin ua pag ang gayon ó ganitong mga lupâ sa Kapuluang Pilipinas na itibakdâ ó itakdâ para sa anomang kagamitang bayan ng Estados Unidos ay hindi na kailangan sa kagamitang pinag-ukulan sa mga iyan, ay mailalagay, sa pamamagitan ng utos ng Pangulo, sa ilalim ng kapangyarihan ng Pámahalaan ng násabing Kapuluhan, upang pangasiwaan sa kapakinabangan ng kanyang mga mâmamayan, na ang utos ng Pangulo ay ipalalagay na parang nagbibigay sa pámahalaan ng tinurang Kapuluhan ng ganap na pagsaklaw at kapangyarihan upang pangasiwaan ang mga násabing lupâ sa kapakinabangan ng mga mâmamayan sa nábanggit na Kapuluhan.

[*Ipagpapatuloy*].

Mga Mahalagang Aklat

Tinanggap namin sa "Libreria" ni Dr. Práxedes Sayo Soriano na nasa kalye Rosario ang isang aklat na ang pamagat ay "MEDICINA DOMESTICA" ulat ni Dr. Buchan at isinatagalog ng kaibigan naming si G. Rosendo Ignacio. Nalaiagdqâ sa aklat na ito sa isang maliwanag na pananagalog ang mga karaniwang sakit na tinataglay ng tao at sangpu ng mga lunas ó kaukulang gamot; kaya't iminumungkahi namin sa lahat na bumili ng aklat na ito, na pakikinabangan ng di kawasâ.

Tumanggap din kami sa kaibigang G. D. Kattigbak ng isang salin ng "ANG SAMPUNG ARAL NI MABINI". Nilalaman ng násabing aklat ang isang telang ekol kay Apolinario Mabini; Kung sino si Mabini; ang isang mahalagang lagdâ ni Mabini; ang Paunang salita ni Mabini sa kanyang Sampung Aral at Ang Sampung Aral ni Mabini.

Kapwâ ngá pinasasalamat namin.

The American Bible Society

503 Avenida Rizal.

Nagbibili ng mga Biblia sa ibâ't ibang wika.

Inyong pagsadyain at pagkakalobban kayo ng ayon sa halagang taglay ninyo.

CARLOS ORTIZ

OPTICO CIENTIFICO
Mangililitis ng mata

24 ESCOLTA (sa itaas)

Huag kayong bumili ng lente ni salamin na di muna dalawin itong **Gabinete Optico**.

May mga kawanan matalinong ganap, wagas at dalisay sa hatol ng ilang mga bantog na doktor sa mata.

Kung ibig ninyo ay maaaring tumawag kayo sa **Teléfono 939**, at magagrado ang inyong paningin, sa inyong sariling tahanan.

Hindi kita malilimot!...

(Sa aking Paraluman)

Eeling: ikaw mandi'y mistulang larawan ng talang ninikat sa dakong Silangan; kaya't ang pusô ko'y walâ nang alîwa't laging alaala kundi ikaw lamang.

Ester ka sa ganda. Tangì kang diwatâ na dini sa puso'y nagbibigay twâ; kaya't dî maparam sa aking gunitâ ang iyong larawang may dikit na sadyâ.

Iiwayway ng bwa't sinag ng bituin ang nakakawangis ng yumi mo't hin hin; paanoug dî gayo'y maganda kang birhen at ang iyong bangó'y kaparis ng hasmin.

Ikaw ngâ'y bulaklak tangîng sampagita ang bangó'y sagana't masidhing gayuma; kaya't ang pusô ko'y umibig pagdaka't ako'y nahihibang pag dî ka naka ita.

Nais ko'y pitasin, lalô kung masagap aug kabanguhan mong sa dusa'y panglunas; pusô ko'y naawit sakâ mangungusap na, ikaw ang aking maligayang bukas.

Ganito rin kayâ ang mga pag-awit ng mahal mong pusô pag ako'y nálapit? kung magkakagayo'y tunay ko nang langit, salamat sa iyo, DIWATANG MABAIT.

D. Villaga.

Lukban, Tayabas, K. P.

Ang Nagsipagasawa

Sa mga bwan ng Enero, Pebrero at Marso nitong kasalukuyang taón ay 552 ang napa-kasal dito sa Maynilâ. Sa bilang na ito ay 17 ang amerikano, 529 ang pilipino, tatlo ang taga Europa at tatlo'y insík.

Hinggil sa gulang, ang karamihan sa kanila'y walâ pang 26 na taón na ang 237 ay nasa pagitan ng 20 at 25 taón at ang 166 ay kulang pang 20 taón.

LA RIZALINA

P. ARAMBULO

71 Rosario, Maynila, K. P.

NAGBIBILI ng mga sombrero rito at gayon din ng sa Europa:

ng mga barong lalake, kuelyo, korbeta, ibp.
ng mga payong, sapatos, ibp.

Mura ang labat.

Sa alapaap ng Panaginip

"BILL JONES"

II.

Ang sikat mo ay biyaya....

Nabuká na ang liwayway, namulagà ang liwanag, at ang buong daigdigá'y naging isang bagong Palad na binilog n̄g pagasang ang biyayà ay sisikat... Ang tábing ay nápatikom: ang tábing n̄g isáng hagap na sa dilim ay tanḡisan ang kapatid na nahamak, ay nahawí; itila kamáy na dakilà ang nagtulak!

Nguni't iyan ang Liwanag na may ningning at may aya ay dí natin kamtí halos ang kaiakip na ligaya... Tanáw natin, dapwá't hindi mahagilap at makita, at sa titig nati'y ulap ang lambóng na nagbabawa... (Sinag lamang sa pan̄garap na naruón ang pagasa!) Bakit? Pagka't ang Liwayway ay wala pang panghalina...

Ganyan yaong unang balak ni Jones na dalubhaha. Isang kanal na pagkaing kay sarap na isadilà, nguni't hindí maisubò at hiláw ang pagkalagá... Bungang hinóg ng halamang lagók na'y dí pa maliwà, sapagka't ang maginoóng sa taním ay may alagà, ay áyaw pang magpatulot na ang búngá'y mapithayá.

Ibig na ni Mister Jones na ibigáy ang *tinugo*, nguni't yaóng m̄ga bunying kasamá ay lumilihó..., Kayá't tayo, tayong laging umaasang *makahipo* sa mabait at magandáng larawan ng piling *pugo*, ay asám at *nasasabík* makalasáp ng pángakò na panglunas sa sugatán at ápihu nating pusô...

Ibig na ng Pilipinas ay mabúhay na sariili at managot na magisá sa talino niya't puri, datapwa't ang m̄ga kawal na may diwang mangduhagi ay pikit ang m̄ga matang sa matwid ay parati ng bulag, at kagat-labing "walang kaya" yaong sabi. Sa lusak n̄g pagkadustá tayo nais manatili.

Samantala'y hindí yatà mananaig ang hangarin, hindinghindí mangyayaring tayo'y laging maalipin, pagka't habang náttatanaw ang Apoy ng langít natin ay lalò nang nagniníngas ang pagibig n̄g damdaming itong ulap ay maparam at ang sikat n̄g bituin ay mangusap na kalakip ang paglayà nagnininening.

Katutubong m̄ga anák nitong Matyâ ng Silangan (ang sa likod n̄g tadhanang walang taóng pagaaral) ang susumpang babalikat sa bigat ng Kalayaang sariili na't aariing may Bandilà at may Buhay... M̄ga táong nang sumumpà ay may isang Paralumang sa paglayà hahanapin ang Araw n̄g Kapularan.

-:- "ANG BAYANI" -:-

Sinitasan nina Laison at Huerta

Ibig ninyong makatagpò n̄g Sincias na magagamit ninyo sa loob n̄g malibang panahon?

Ibig ninyong kayo'y makabili n̄g Sincias na pananagutan sa inyo n̄g binilhan, kung masírò ang tahi'y maibabalik at kukumpunihiing walang bayad, kung mayparaang matahi pa?

At kung kailangan ninyo ang maizam, mura at matibay na Sincias, gayon din ang Zapatiílang napakahuay at Kochong napakaganda at Zapatilla para sa luake na para-parang alinsnood sa moda ay sadyain kami at makikita ninyo eng katotohanang ito. Malaki ang aning ibinabawas sa náimili n̄g maráni, lalò na kung sa Lalawigan.

Upang kayo'y maniwala ay pumarini sa "ANG BAYANI".

Tumatanggap din kami ng kumpunihing Zapatos.—1104 Ave. Rizal, Sta. Cruz, Maynila.

Compatriotas:

Si buscais nuevos y deliciosos perfumes, y si queréis pronto y esmerado despacho de las "recetas" de vuestros médicos, acudid a la

Botica Antigua de Trozo

Precios altamente modicos

Sirve a domicilio. Recibe pedidos

Azcaraga 1340 y 1342.

Telefono 3416.

Sa likod ng walong taong pagsasanay sa gawain, itong Edeng Pilipinas ay layá nang tatawagin... Patnúgután at Patnugot ay panayang bubuuin niyon m̄ga kababayang naghahandog n̄g paggiliw: Batasán at tagahatás ay sa Lahì ko kukunin, Panguluhan at Pangulo ay sa bayan hihirangín...

M̄ga butil n̄g biyaya! M̄ga sikat n̄g pagasa! Hanap namin ang bisà mo at hintay ang iyong aya... Sa gabíng pananalig at sa pusong nagdurusa ang buhok n̄g iyong sinag ay hagdanan n̄g ligaya na kuog aming máhalikáng ang Watawat ay kasama, ay nabuksang isang langít na nagnégit n̄g ginghawa...

Ang magandang unang balak ni Jones na makabayán ay pukytang naghahandog n̄g pulot n̄g ating layaw... May tadbanâ ang paglayà, Katubusan ay may Araw, at langít man n̄g pagasang initím n̄g kasawian ay may takdang isang tiyak na bukas ng bagong buhay, at sa pusong hatinggabi ang Umaga ay sisilay...

Bubuin n̄g kalahí ang baság na pananalig, ililawan ang madilim na landas n̄g pagiiisip, ang lugamíy ibabangong may tungkod n̄g pagnanais, ang mahinà ay lalakás na may tigás n̄g pagibig at ang pusong lumuluha'y magsasayáng umaawit ng kundimang may sa maya't may sa pipit na pangtingig.

Ganyon yaong Republika nitong Inang Pilipinas na sa diwà n̄g magiting na si Jones ay násulat... Hindí isang panaginip sa bisig n̄g isang hagap kungdi turay na larawan ng alápaap, ang pagasang inasahan nating m̄ga bisa hirap ay nákitang nápublid sa hiwagà n̄g pan̄garap.

Ang Bill Jones ay tahimik na nálagak sa damibanâ na anak'y binawilan n̄g búhay na darakilà.. Naiwan sa pag-uusap, naluned sa pagnasa at nálibing na bakás man ng malungkot na pagluhà'y dí din alaw n̄g pan̄garap na nagbukás n̄g paghangâ... Kalansáy na napabantog ang kay Jones na Akalà!

Tumianžis ang tuóng bayan nina Rizal at Plaridel at natáket sa magdamág na ulapán sa paggiliw...

Nawalâ ang Silanganang halaman n̄g Bitùin
at ang langit ay natagò sa likod ng panginorin...
Daôp-kamay ang umasa, lumuluhâ ang damdamín,
sa itáas nakátitig at ang dusa'y nililiningr.

Tila muling nápabalik sa libingan ang ligaya
at ang pintô n̄g mainit na Sanagan ay nagbaga...
Ang pag-irog ay paglunos, at ang Laya'y naging Dusa!
Alipin na naman yatâ, busabos na tatalima...
Namatayán na n̄g Ilaw sa paghanap n̄g Umaga,
dinilim na sa paglakad at ginabí sa pag-asá...

Nguni't ganyan man ang palad, ang tadhana'y di tahanang
kung maabó'y alabók nang lilipad sa gunamgunam...
Kung dinilim man sa lakad at namatay na ang Ilaw,
ang magdamág ay dí gabíng sukat na sa kadíliman...
May búkas pa, may umaga, may tanghalî at may araw
na sa sungít n̄g dalamóy ay sisikat na Liwayway....

Teo. E. GENER,
(Sa "Ilaw at Panitik")

Oktubre, 1916.

Ang Bayang Tayabas

Pagkakasunodsunod ng nangakapitan at nang-yari sa kanikanyang panahon

(Karugtong)

1856. Dn. Lucio Zabedra Tte. 1.^o D. Ruperto Labrador, dito sa 18 at 21 ng Julio nababita na ang Moro sa Cutta at sa Barra, ay nagsaca agad ang Sr. Alcayde na si D. Cándido Lopez Diaz casama ang tercio de Policia at cuadrilleros sanpong iba pang mga tauong Nayon, at hindi nagtama, at nacalis agad, at dito rin naman nagcabalang n̄g macapal, at lucto, at maraming buquid at halamanan ang nasira. At sa taúg ito ipinabutas ang tercena, at pinalagyan n̄g tatlong pinto ó Pocesion at pinaupahan sa Insik at sa mercader.

Carcel Publica. At dito sa 3 n̄g Agosto ay siyang paglilitip n̄g mga preso, sa bagong carcel publica nitong Cavecera, at inalis na sa Tribunal, at dito sa 27 de Octubre araw n̄g Lunes, ay bumagyo ng malacas at nasira ang tulay n̄g Lyam, at Mlaúwa, at ang bahay ay lumagpac sa Lupa, ay 24 dito sa loob ng Bayan, puera pa ang kumiling, lamang. At n̄g macabagyo na ay siyang paghihirap sa alak. At dito sa 16, 23 at 30 n̄g Marzo at 6 ng Abril, ay nag serujo n̄g apat na aroo n̄g guinagawang crucero n̄g Simbahán nitong Cavecera, na ito'y purong araw n̄g Lunes, at ang crucero at cerujo, at ang mga nag padriyo ay si D. Severo Sacramento, D. Ruperto Labrador D. Joaquin Ea at ang

catapusang mag caagpi ay si D. Jose Abadilla, at D. Gervacio Villafuerte at dito rin naman nanaog ang orden circular ni D. Cándido Lopez Diaz na ang sinomang nag-aari n̄g anomang bagay na armas na para baga n̄g Escopeta, Pistola, Cris., Sable, Espada, Daga, Sundang, Campilan, Caret, Mujara at iba pang contrabando, ay ipagpresenta at sellohan na magharap muna n̄g certificación at informe na pagca totoong may bienes na dapat ipagdefender at de fe na maiguind tao, na ito'y tinermohan ng quince dias at ang abutin ng termino ay sasamsamin ang armas, na ualang lisencia at ito'y magcacamit n̄g parusa, alinsunod sa bando n̄g fecha 21 n̄g Mayo de 1844 at ng 15 n̄g Diciembre at 854 at gayonding ipinagutos ni D. Cándido Lopez, mula ng fecha 22 n̄g Julio ay huag nang gagawa ó magpapagawa sa mga Jueces de cementeras at tiniente absolutos n̄g documentos ó pagbibilihan ng mga ari para baga n̄g Niogan, Tubigan, Sayop ó anomang bagay condi doong lahat sa Escribano publica nitong Cavecera.

Palathala

"Pagyamania ang ating wika upang di tawanan, ng tagaibang Bansang"

—R. D. S.

Katoto:

Hindi ko na sinagot ang sulat mong bilang kasagutan sa sulat kong ipinadalá sa iyo.

Alam mo kung bakit?

Dulot n̄g ayon sa sabi mong ang PATNUBAY NG BAYAN ay walang nilalaman ang kaniyang mga pitak kung dí pawang Biblia lamang at walâ kang dapat na katutuhan, ay tantuin mong ug binabasa ko ang sulat mong yaon ay tunay na ako'y nápatawa (hwag kang magsasaloob n̄g ano pa mau), at náwika sa sariling mahil sa balità ka lamang nakinig; na kung kaya't dí ko na binigyang paliwanag yaon at bahalà na ang wika ko. Kayâ n̄gayon ay untuntî mong tung-hayan ang páhayagang ito, upang dí na ako ang magsalitâ at magbadya, kayo nang dalawa ang mag-usap, kayo nang dnlawa ang mag-ulayaw at kung magkasundô at imaging pulot gatâ sa iyong pangnamnam ang kanyang mga salaysayin ay páuna ang aking pasasalamat dulot n̄g pag-asang ang PISO AT ISANG PISETA (1.20) ay tatanggaping walang pagsala n̄g nakalagdang laan namang pag-utusan.

ROMUALDO D. SANTOS.
Pura, Tarlac.

British & Foreign Bible Society

636 Isaac Peral

Nagbibili ng mga Biblia sa lahat ng wika.

Inyong pagsadyain.

PACO STUDIO

1430 HERRAN

May manunuklay

na walang bayad.

ENGRACIO DE ASIS

Nagpapasala n̄g alahas, at ibp. Mura magpatube, mahal humalaga. Bukás kahi't araw ng pista.

Daang Azcaraga Blg. 1339, Kanto Benavides, Trozo.

Tel. 3396.

Maynila.

MELODRAMANG TAGALOG

BIGONG PAG-ASA(Natuklasan sa Paris ni DR. H. OTLEY BEYER)
(*Karugtong.*)

Ang tatlo. Magandang gabí pô.

Ang dalawa. Gayon din pû naman: *kayo'y managagtuloy.*

Dito'y gagawin ang mga pagtatanggapán, at pagkatapos ay

Adonis. Ipinakikilala ku pô sa inyo itong dalawa kong kaibigan.

D. Salustio. Salamat Adonis. Sila baga'y mga Revolucionario?

Adonis. Hindi pô, kungdî sila'y kasamasama ko lamang saan man pumaroon.

D. Salustio. Tayo'y, magsiupô.

Adonis. Walâ pa pô yata kayong bisita kung dî sila lamang.

D. Salustio. Nangárite na sina Consuelo't Fraxedes.

"Dito'y darating pa ang ilang bisita, at managgagalangan ding gaya ng una"

Adonis. Nangasaan pu sina Consuelo't Fraxedes?

D. Salustio. Nangá sa kwarto't nagbibihis pa si Eliza.

"Masasayáng magsisilabas sina Eliza, Fraxedes at Consuelo na nangakkantanahan".

KANTO.

Sa Mundo'y sadiyang ligaya panahon ng pagkadalaga lalo na nga't kung sa pagsinta ay manulos ang kaluluwa.

Eliza. Sa dagat ng nasa pusô ko'y tatawid timbula'y pag-asa hanggang mápagilid sa dalampasigang Altá ng pag-ibig magtaisang palad ang dalawang dibdib.

TRIO.

Sa Mundo'y sadiyang ligaya panahon ng pagkadalaga lalo na nga't kung sa pagsinta ay manulos ang kaluluwa.

SÁLITAAN

Eliza. Aba't, nangarito na palá kayó; maligayang oras pô sa ating labat.

D. Tiburcio. Gayon din pû naman.

Gaya rin ng dating paggalaganan.

Valentin Manglapus

ABOGADO

Residencia:Madrid 234
Tel. 8334.**Bufete:**
Gral. Luna 87,
Tel. 4664.**CASEY'S HOSPITAL**

—FOR—

Sick Shoes and Clothes**Dr. Casey Chief Surgeon**

307 M. H. del Pilar. Phone 3878

Celestino Chaves

ABOGADO Y NOTARIO

702 Azcarraga, esquina

Juan Luna

Telefono 8038

dalawa'y maghandâ na rito n̄g mesa n̄g pagkain ha... n̄gayon din: madali. Periquito. Tutupding walang liwag.

Yayaong madali si Periquito.

Eliza. Mahan̄g'a'y maglibang muna sa lwang n̄g Salon.

Enrique. Kami pu'y gayor din.

Samantalang maglibang na bukodbukod at nangag-usap ng marahan ay aalis si Adonis at kakausapin ang Pastorera na na sa lupa.

(Durugtungan).

Naglalakihang tulay

Ang apat na kálakilakihang tulay at pinaka-mahalagá sa sandaigdigan ay basa Nueva York at itong m̄ga sumusuned:

Ang *Brooklyn Bridge* ay isang tulay na 6.016 paá ang habâ, may dalawang moog na tig 272 paá ang taas mula sa tubig, at siyang unaalalay n̄g m̄ga kawad na labing limang pulgada ang lakí ng boong bilog. Ang lwang nito ay 85 paá at may apat na daanan sa trambiya, dalawa sa karwahe, at isa sa m̄ga tao. Ito'y pinasimulang ginawâ noong 1870 at ginamit noong 1883, at ang ginugol ay 32.000.000 piso. Kinukrong isang anḡaw katao ang tamatawid sa tulay na ito araw-araw, at siyang bilang pinakatawiran n̄g m̄ga siyudad ng Nueva York at Brooklyn.

Ang *Williamsburg Bridge* ay isang tulay na 7.279 paá ang habâ, may m̄ga moog na tig 335 paá ang taas mula sa tubig, at inaalalayan ng m̄ga kawad na 18 pulgada ang lakí n̄g binilog-bilog. Ang lwang ay 114 paá at nadadaanan ng anim na trambiyang sabaysabay, ng dalawang karwahe, bukod pa sa may dalawang dáaanan ng tao. Ito'y ginawâ noong 1896 at natapos noong 1903. Ang halagang ipinagtayô nito ay 44.000.000 piso.

Ang *Blackwell's Island* ay isang tulay na 8,600 paá ang habâ at 88 paá ang lwang at may m̄ga moog na tig 322 paá ang taas muiñ sa tubig at ang m̄ga kawal ay tig 21 pulgada na ma-higit ang laki ng boong bilog. Naduduanen n̄g walong trambiyang sabaysabay, ng isang karwahe bukod pa sa may dalawang daanan ng m̄ga tao. Pinasimulan noong 1901. Ang halaga nito ay 52,000 000 piso.

At ang *Manhattan*. Ito'y isang tulay na 6,855 paá ang habâ, 120 paá ang lwang at may m̄ga moog na tig 322 paá ang taas muiñ sa tubig at ang m̄ga kawal ay tig 21 pulgada na ma-higit ang laki ng boong bilog. Naduduanen n̄g walong trambiyang sabaysabay, ng isang karwahe bukod pa sa may dalawang daanan ng m̄ga tao. Pinasimulan noong 1901. Ang halaga nito ay 52,000 000 piso.

LOS FILIPINOS

1011-1013 San Fernando,
MAYNILA, K. P.

Maligot nanning ipinatatalastas sa inyo na kami'y nagbibili ng Cemento, ng mga putol ng bakal, ng mga planchang bakal na galbanizado, ng mga pakel, ng mga bisagra, ng mga pasabol, ng mga serradura, ibp.

Mariano Lim Manapat, Gerente.

"LA AMATISTA"

Se reciben toda clase de trabajos conser-niente al ramo de Plateria, Re-lojeria, Dor-adura, Plateadu-ra, como tam-bien Quinques-Mecanicos, Gra-fofonos, Maqui-nas de coser y otros mas con prontitud, esme-ro y economia.



Plateria, Joyeria y Reloje-ria, Venta de Alhajas,

Relojes y

Objetos de Fantasia

de

Dionisio José

S. Fernando 804

San Nicolas, Manila,

L. F.

Tumatanggap ng sari-saring gawain tungkol sa Plateria, Re-lojeria, Lubugin sa ginto at pilak, gayon din naman ilawang mekaniko, gra-fofono, makinang panahian at iba't iba pa sa madaling panahon, malinis at mura.



Mga Kawikaan ng mga Taga Arabya

Tinagalog ni M. Banting

(Karugtong)

Walang kasayahan dì may kasunod na ka-lungkutan.

Siyang humahanap áy nakakasumpung.

Ang pag-aarimohonan ay naglalayô sa tao sa pagkapulubi.

Mahirap mæt walang ligalig ay mabuti kaysa malaking kayamanan.

Kung ikaw ay napakalambot ay mapipilit ka agad, at kung ikaw nama'y tuyot ay maba-bakli ka agad.

Ang tao'y tulad sa isang uhay n̄g trigo na inuugâ ng hanjin—minsâ y mapataas—minsâ y mapababâ.

Ikaw ang kaaway rin n̄g iyong sarili.

Mapalad ang babaing mamatay sa harap n̄g kanyang asawa.

Ang batâ ay isang buiaktak na mulâ sa Paraiso.

Samantalang batâ ang anak mong lalaki, iyong turuan at sanayin, kung lumaki na'y ituring mo siya sa kapatid.

(Itutuloy.)

Paunawa

Sinomang ibig sumuskribi rito sa "Patnubay n̄g Bayan" ay sumulat kay S. G. Calderón, 705 T. Alonso, Sta. Cruz, Maynila. Maáari pang sumuskribi mulâ sa blg. 1. Páuna n̄gà lamang ang bayad.

BERNABE STUDIO

Salcedo, Blg. 708, Sta. Cruz,
MANILA, K. P.

P. O. Box, Blg. 973.
TELEFONO, 3216.

Araw-araw ay rumeretrato mula sa a las 9 ng umaga hanggang a las 3 ng hapon at tumatanggap ng mga gawaing nauukol sa bagay na ito, gaya ng **Ampliación, Reproducción, Opalinas, Alfileres, Revelaciones, Copias, FOTOGABADOS, AT ZINCOGRAFIA**, ibp.

Walang bayad sa pasuklay.

ANG HALAGA SA MGA GRUPO AT IBANG MGA BAGONG PARAAN AY
AYON SA PAGKASUNDUAN.

Ngayo'y may lalong pag-uurungan sa dakong pinagreretratuhan.

“El Porvenir”

Imprenta y Libreria,
Papeleria y Objetos de Escritorio

429—Soler Trozo—429

DIRECCION TELEGRAFICA JOB.

CLAVE ABC 5.a ED.—TEL. No.....

Admite toda clase de trabajo de impresion y encuadernacion.

DICCIONARIO

INGLES - ESPAÑOL - TAGALOG

CON PARTES DE LA ORACION Y PRONUNCIACION FIGURADA
por Sofronio G. Calderón

₱4.50 ejemplar (en papel ordinario). ₱6.50 ejemplar (en papel satinado)

Pocket Dictionary

English - Spanish - Tagalog

POR SOFRONIO G. CALDERON.

₱ 1.20 ejemplar.

DATING PILIPINAS

6 Historia Prehispánica de Filipinas, por SOFRONIO G. CALDERON.
₱ 0.50 ejemplar.

Pagkatuklas sa Ating Lupain

6 Historia del Descubrimiento de Filipinas, por SOFRONIO G. CALDERON.
₱ 0.20 ejemplar.

VOCABULARIO

Tagalog - Castellano - Ingles

CON PARTES DE LA ORACIÓN Y PRONUNCIACIÓN FIGURADA
por SOFRONIO G. CALDERON.

₱ 0.50 ejemplar.

Buhay, Aral at mga Mithi ni Gat José Rizal

Akda ni Vicente Elio at tinagalugan ni Sofronio G. Calderon.
₱ 0.25 ejemplar.

NOLI ME TANGERE

ni Dr. JOSE RIZAL

Isina melodrama ni G. E. M. Gross at tinagalugan ni Sofronio G. Calderon.
₱ 0.20 ejemplar.

Mga Kwentong salin ni S. G. Calderon

Isang Mahiwagang Pamumuhay.
Sa Ano Nabubuhay ang Tao.
Hiwagà ng Pag-ibig.
Tatlong Kababalaghan.
Wakas ng Masimang Budhi.

₱ 0.10 { ejemplar.
bawa't isa.

Noon ay Pasko.
Mithi n̄g Bayan.
Kapalarang Hindi Sinasadyâ.
Sakunang Ipinagkapalad.